

22. Panginoon, bigyan mo nawa ng karunungan ang mga lider sa Bonaire at Curacao upang kanilang matulungan at mahalín ang mga refugee. (Deut. 10:18)

23. Ama, magawa po nawa naming maipakita ang pag-ibig ni Kristo at ang Kanyang biyaya sa mga South African refugee na nalulungkot dahil sa pagkakalayo sa kanilang mga mahal sa buhay, nahihirapan sa pag-aral ng bagong wika, nahihirapang makakuha ng pagkain, matitirhan at pahintulot na makapag-aral at makapagtrabaho. (Deut. 10:19)

24. Salamat, Panginoon, sa mga Kristiyanong Finnish na umaabot sa mga imigrante at mga refugee, nag-aalok ng mga tulong, nakikipagugnayan sa mga tao at nagpapadama ng iyong pag-ibig. Mangusap ka sa mga tao na nawa ay maibahagi nila ang kanilang mga oras at mga kakayahan sa paglilingkod sa mga tao mula sa ibang mga kultura. Bigyan mo ng karunungan ang mga nasa kapangyarihan sa paggawad ng asylum at pahintulot sa pagtira. (Mga Gaw 20:35)

25. Pinupuri ka namin na ang mga programa ng *Women of Hope* sa Uruguay ay nakapagtuturo sa mga tagapakinig na maging mabuti at mahabagin sa mga refugee. Nawa ay pagkalooban mo ang mga refugee ng trabahao, matitirhan at proteksiyon mula sa mga masasama na nais mang abuso sa kanila. (Kawikaan 19:23)

26. Salamat, Panginoon, na ang South Korea ay nagtatag ng batas para sa mga refugee nitong 2019. Dalangin namin na ang deskriminasyon laban sa mga refugee ay mawala at ang patas na proseso para sa kanila ay maipatupad. (Mateo 7:1)

27. Oh Diyos ng kaawaan, isinasamo po namin ang iyong kapayapaan para sa Ethiopia at iba pang lugar na may kaguluhan sa buong mundo. Gabayan mo nawa ang namumuno na hangarin ang solusyon na makapagbibigay ng kapayapaan sa sitwasyon at magpapabuti sa mga buhay ng mga sibilyang nawalan ng tahanan. (1 Pedro 3:11)

28. Panginoon, dalangin namin na nawa ay masumpungan ng mga kababaihang refugee ang programa na *Welcome to Sweden* – na mayroon sa wikang Farsi, Arabic at Swedish – at mapakinggan ang iyong ebanghelyo sa pamamagitan nito. (Mateo 24:14)

29. Dalangin namin na nawa ay kumilos ang pamahalaan ng Pilipinas ng may matuwid na hangarin upang mapabilis ang pagpapanumbalik sa Marawi. Marami sa mga residente ng siyudad na ito sa isla ng Mindanao ay nawalan ng tirahan dahil sa labis na pagkasira dulot ng digmaan noong 2017 laban sa militanteng grupo ng relihiyon. (Amos 9:14)

30. Dalangin namin ang napakaraming refugee sa France na naroon at walang mga dokumento, lugar na matitirhan o pagkain. Panginoon, bigyan mo nawa ng kakayahan ang aming mga kabalikat doon upang sila ay mapaglingkuran at maakay kay Hesus. (Mateo 5:42)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송



## Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



### 2021. 06. Panalangin para sa mga refugee

Ipapanalangin natin ang mga refugee sa buwang ito. Idalangin natin na marami pang mga bansa ang tumanggap sa kanila at nawa ay makakita sila ng lugar kung saan ay ligtas silang makapamumuhay. Ibinigay sila sa atin ng Diyos na nagsabi sa atin na ipangaral ang Ebanghelyo hanggang sa dulo ng daigdig. Ipakita natin ang ating pag-ibig at habag, at tulungan natin sila na magkaroon ng isang bagong buhay sa Diyos. Maging tulay tayo na mag-uugnay sa kanila sa Diyos upang sila ay mapagaling.

### TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층  
전화 (02)886-5671 / 이메일 [phkorea@twrk.or.kr](mailto:phkorea@twrk.or.kr)

## Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, nawa'y makasumpong ng solusyon ang mga refugee sa kanilang mga problema sa mga bansang kanilang napuntahan. Bilang mga mananampalataya sa mga bansang ito, maging daluyan nawa kami ng iyong pag-ibig, biyaya at pag-asa. (Mga Awit 62:8)
2. Ama, dalangin namin ang mga mananampalatayang mga refugee sa Sweden na may bantang maideport at nasa panganib na mausig o kaya ay mapatay dahil sa kanilang pananampalataya kung sila ay babalik sa kanilang mga sariling bansa. (Roma 8:35)
3. Ama, hiling po namin ang iyong proteksiyon para sa mga Ethiopian na mga refugee. Ikaw lang ang tanging makakapanumbalik sa mga isipan at puso ng mga kababaihan na ginahasa at inabuso. (Isa. 41:10)
4. Oh Diyos, bigyan mo po ng lubos na katapangan ang mga Paraguayan refugee na ibahagi ang kanilang pananampalatayang Kristiyanong sa iba. Dalhin mo po sila sa lugar na ligtas na maibibigay ang kanilang pangangailangan. (Deut. 31:6).
5. Panginoon, nawa ang mga refugee sa Denmark ay mapanumbalik sa pamamagitan ng *Healing the Wounds of Trauma*, isang programa mula sa mga Kristiyanong namumuno doon na nakabase sa Biblia at naglalayon na mangalaga bilang pastor. (1 Pedro 5:7)
6. Oh Diyos, nawa ang mga Albanian refugee na namumuhay sa ibang bansa ay makasumpong ng mga Kristiyanong magmamalasakit sa kanila, magiging kaibigan at mag-aakay sa kanila patungo sa Iyo. (Juan 13:34-35)
7. Panginoon, tulungan mo nawa ang pangkat ng North Caucasus *TWR Women of Hope* na makapagbigay ng materyal at espirituwal na tulong sa lahat ng mga refugee na nakikipag-ugnayan sa kanila. Nawa ang mga refugee ay makasumpong ng trabaho, matitirhan, at ligtas na lugar at bagong buhay sa Iyo. (Filipos 2:4)
8. Ama, aliwin mo nawa ang mga libu-libong Indonesian na naging refugee dulot ng natural na mga kalamidad. Sa kanilang pananatili sa mga siksikang evacuation tents

matapos mawala sa kanila ang lahat, magsugo ka nawa ng mga mananampalataya na magmiministeryo ng iyong kapayapaan sa kanila at makapagbibigay ng mga gamot at pagkain. (Juan 16:33)

9. Panginoon, tulungan mo nawa ang mga Kristiyanong German na magkaroon ng malasakit sa mga refugee na nasanay na sa kanilang bagong lugar. Nawa ang mga mananamapalataya doon ay maging kaibigan sa mga imigrante at maipakita sa kanila ang pag-ibig at katotohanan ni Hesus. (Juan 15:13)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.  
Website: [www.twrphilippines.com](http://www.twrphilippines.com)  
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660  
Facebook: TWR Phils

10. Ama, hiling po namin ang iyong pag-iingat sa mga North Korean refugee na tumatakas papuntang China ngunit naikulong at pinabalik din. Ingatan mo nawa ang kanilang mga buhay at gabayan sila sa ligtas na lugar. (Awit 32:7)

11. Ama, malapit sa mga nagdurusa. Nawa ay pagalingin mo ang mga sugat ng mga Indian refugee sa buong mundo, at kami rin nawa ay kumilos para sa kanila. (Awir 34:18)

12. Salamat, Panginoon, sa aming mga kabalikat sa gawain, ang *Norea Media Mission*. Gamitin mo po ang kanilang *app*, ang *Good News Media*, upang makapagturo sa mga refugee at sa mga hindi pa nakakakilala salyo at sa Iyong katotohanan. Magamit din nawa ito ng mga mananampalataya upang maabot ang mga mananampalataya ng ibang relihiyon para kay Kristo. (Juan 14:6)

13. Ama, tulungan mo po ang mga *South African refugee* na maisaalang-alang nila ang kanilang mga espirituwal na pangangailangan, pagkalooban mo po sila ng karunungan upang makilala Ka at maunawaan na ang tulong ay magmumula sa Iyo, na kanilang Manlilikha. (Awit 121:1-2)

14. Dalangin namin na ang pamahalaan ng Pilipinas ay patas na tulungan at protektahan ang mga tribu ng Lumad

na sapilitang napaalis sa kanilang lugar sa isla ng Mindanao dahil sa komersiyalismo. (Kawikaan 31:9)

15. Ama, dalangin namin ang probisyon sa araw-araw na pangangailangan at kaligtasan para sa mga libu-libong refugee na nakatira sa Sudan na tumakas dahil sa digmaan sa Ethiopia. (Kawikaan 29:25)

16. Oh Diyos, magsugo ka po nawa sa aming pangkat na *Polish* ng magbobuluntaryo na magsalin ng *You Are Precious* sa Ukrainian, Belarusian, at Russian upang ang mga refugee ay magkaroon ng espirituwal na kagalingan. (Awit 23).

17. Gabayan mo nawa, Panginoon, ang mga Ukrainian refugee sa kanilang pag-alis sa mga lugar na may kaguluhan upang humanap ng trabaho at matitirhan. Dulutan mo nawa ng kagalingan at kapayapaan ang kanilang mga puso at nawa ay lumapit sila sa Iyo. (2 Thess. 3:16)

18. Bigyan mo nawa na kalakasan, Panginoon, ang mga Khmer na magulang, mahihirap sila ngunit masisipag . Iniwan nila ang kanilang mga anak sa mga lolo at lola at lumipat ng Thailand upang masuportahan ang kanilang mga pamilya. (Isa. 40:31)

19. Oh Diyos, inaalala naming sa panalangin ang mga Burundian refugee na namumuhay sa mga kampo sa karatig na Rwanda, Tanzania at sa *Democratic Republic of Congo*, lalo na ngayong tag ulan na maaaring magdulot ng pagbaha sa mga kampo. (Mateo 7:25)

20. Panginoon, pakiusap po namin ang iyong gabay at probisyon para sa 54,065 na mga refugee na nagaaplay ng asylum sa Spain nitong 2020. "Iniingatan niya ang mga dayuhan, tinutulungan ang mga ulila at mga biyuda,." (Awit 146:9a)

21. Ama, mangusap Ka nawa sa mga Kristiyano sa Portugal na nawa ay tulungan nila ang mga refugee na makapamuhay sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga dokumento, na matutunan ang wika at makahanap ng trabaho. Nawa ang mga refugee ay hindi maabuso at hindi makaranas ng racism o deskriminasyon. (Hebreo 13:16)